# Ang sinumang nagpauso kaugnay sa nauukol sa aming ito ng anumang hindi kaugnay rito, iyon ay tatanggihan

Ayon kay `À'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagpauso kaugnay sa nauukol sa aming ito ng anumang hindi kaugnay rito, iyon ay tatanggihan." – Napagkaisahan sa katumpakan at batay naman kay Imām Muslim –: "Ang sinumang gumawa ng isang gawaing hindi batay dito ang nauukol sa amin, iyon ay tatanggihan."}
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang umimbento sa Relihiyon o gumawa ng isang gawaing hindi pinatutunayan ng isang patunay mula sa Qur'ān at Sunnah, iyon ay ibabalik sa tagagawa nito, hindi tatanggapin sa ganang kay Allāh.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4792